# MAKABAGONG HENERASYON SA MAS PINAYABONG NA WIKA

*by:*
**Annalyn F. Bagtas**

Nananatiling hamon sa makabagong henerasyon ang pagpapayabong ng wika at patuloy na pag-iingat nito upang sa mga susunod na siglo ay magamit pa rin. Sa pag-usbong kasi ng iba't ibang teknolohiya at social media, maraming kabataan ang tila nalilimutan na kung gaano kahalagang pagyamanin ang wikang Filipino. Sa laki ng papel ng wika sa pambansang pagkakakilanlan ng mga mamamayan, pinangangambahang maipagsawalang bahala lamag ito sa malaon at madali.

Social media ang itinuturing na pinakamaimpluwensyang bunga ng teknolohiya at ang epekto nito ay mas makikita sa pakikipagkomunikasyon ng mga kabataan sa isa't isa. Sa halip na tingnan ito bilang isa sa mga banta ng pagkawala ng wika at ng yaman nito, bakit kaya hindi ito gamitin upang mas isulong ang pagmamahal rito. Isa sa mga magandang solusyon ay ang paggamit ng social media sa wikang Filipino, paghikayat sa mga kabataan na magpahayag ng kani-kanilang mga isipin at pananaw gamit ang naturang wika, at ang pagkakaroon ng mga Gawain na may kinalaman dito (Caoagdan, 2021). Halimbawa ay ang pagsusulong mga patimpalak sa pagsulat tuwing Buwan ng Wika at iba pa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Higit pa rito, kahit na walang okasyon ay maiging sanayin ang mga mag-aaral na gamitin ang wika sa mga regular na pakikipagtalastasan, sa kanilang mga kamag-aral at sa ibang tao (Santos, 2008). Mainam na hikayatin silang magbasa araw-araw at pagsulatin sila ng iba't ibang sulatin upang mas masanay sila sa mga aspeto ng wikang Filipino. Hindi lamang nito napalalawak ang kaalaman ng mga salita bagkus ay nagsusulong na

mas pahalagahan ng mga kabataan ang kahulugan ng mga diskurso gamit ang naturang wika.

Bilang isang guro, isang malaking responsibilidad ang pagpapanatili ng pambansang wika bilang pangunahing gamit ng mga mag-aaral sa loob man o labas ng silid-aralan (Mayor-Asuncion at de Guzman, 2015). Makatutulong ang mga inobasyon tulad ng pagpapalawak sa mga bokabularyo ng mga mag-aaral sa araw-araw. Magandang magturo sa kanila ng iilang mga salitang malalalim at hindi na gaanong ginagamit sa modernong panahon. Paunti-unti man ay mabubuhay ang mas makahulugang paggamit ng mga salita at mas maeengganyo silang tuklasin pa ang yamang itinatago ng mga salitang Pilipino. Malaki ang gampanin ng isang guro upang masigurong naisasapuso ng bawat estudyante ang mga bagong salitang natutunan at kinakailangan ang patuloy na pagtataya ng kanilang kasanayan sa bawat araw. Halimbawa ay ang pagbibigay ng munting pagsusulit sa paggamit sa mga pangungusap ng bagong salitang inaral sa nakaraang mga araw.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Kung susumahin, isang malinaw na mensahe lamang ang nais na ipahayag ng artikulong ito at iyon ay ang kakayayahan ng mga kabataan na mas paunlarin pa ang wika at komunikasyon sa modernong panahon. Ngunit makakamit lamang ito sa tamang paggabay, pagtuturo, at pagsuporta mula sa mga taong kayang pagyamanin pa ang mga kabataan: ang mga bayaning guro. Hindi man madali ngunit patuloy na makikibagay ang mga guro ng asignaturang Filipino upang mas mailapit sa puso ng mga kabataang Pilipino ang pambansang wika at mahikayat silang pagyamanin pa ito.

*References:*

Caoagdan, J. (2021). Social Media, Responsableng Paggamit. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://medium.com/@joanlycaogdan/social-media-responsableng-paggamit-b3619c134dae

Santos, T. (2008). Filipino at Ingles: Ano ang higit na mainam sa pagtuturo?. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://varsitarian.net/news/20080203/filipino_at_ingles_ano_ang_higit_na_mainam_sa_pagtuturo

Mayor-Asuncion, A. at de Guzman, A. (2015). Doon o dito, ganoon o ganito: isang paggalugad sa pananaw ng guro hinggil sa kanyang papel sa pagtuturo ng Akademikong Wikang Filipino sa antas tersyarya. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://research-manila.letran.edu.ph/read/106

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan